

Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka 15

Pagpili ng tamang panghalip na panaong isahan

Talâ: panghalip - *pronoun*, panghalip na panao - *personal pronoun*

Panuto: Salungguhitan ang panghalip na panaong isahan na bubuo sa bawat pangungusap. Pumili sa mga panghalip sa loob ng panaklong.

Sheila: Kuya Michael, ¹(ikaw, ka, mo) po ba ang susundo sa akin sa paaralan mamayang hapon?

Michael: Oo, Sheila. ²(Siya, Ako, Ko) nga ang susundo sa iyo at hindi si Ate Marcia. Hindi ba ³(ko, siya, niya) sinabi sa iyo?

Sheila: Hindi po. Bakit hindi po si Ate ang susundo sa akin? May pupuntahan po ba ⁴(niya, ikaw, siya)?

Michael: Narito lang ⁵(siya, niya, ikaw) sa bahay ngunit kailangan ⁶(siyang, niyang, akong) tapusin ang kanyang proyekto kaya hindi ⁷(mo, ikaw, ka) niya masusundo mamaya.

Sheila: Ah, kaya pala abalang-abala si Ate. Sige, Kuya, ⁸(siya, mo, ikaw) ang hahanapin ko sa may *gate* ng paaralan mamaya.

Michael: Sisikapin ⁹(mo, ko, niya) na dumating bago matapos ang klase ¹⁰(niya, ikaw, mo) ngunit kung wala pa ako, maaaring maglaro ¹¹(ka, mo, ikaw) muna sa palaruan ng paaralan.

Sheila: Opo, Kuya Michael.

Michael: Handa ¹²(ko, ka, mo) na bang pumasok?

Sheila: Opo, narito na po ang lahat ng kailangan ¹³(niya, mo, ko) ngayon.

Michael: Halika na! ¹⁴(Ako, Niya, Mo) na ang magkakarga ng malaking bag ¹⁵(niya, siya, mo).